FILIPINO 1

4TH QUARTER WEEK 6







LIVEWORKSHEETS

## Talata

Pagkatapos ng Enhanced Community Quarantine o ECQ, naging maluwag na ang ibang magulang sa kanilang mga anak. Malaya na silang nakakalabas at hindi na nagsusuot ng face mask. Nalilimutan na rin ang social distancing.

## Hinuha

Maraming magkakahawahan ng Covid 19.

LIVEWORKSHEETS

## Pagbibigay ng Hinuha

Hindi naglaro si Liza buong hapon. Siya ay nag-aaral ng kanyang leksyon hanggang gabi. Ano ang maaaring mangyari?

Maaaring mataas ang makukuha ni Liza sa pagsusulit.

## Pang-ukol

Ang pang-ukol ay mga kataga o salitang nag-uugnay sa salitang ngalan sa iba pang salita sa parirala o pangungusap.

Ang mga katagang ni, nina, kay, kina, ng at ng mga ay halimbawa ng pang-ukol.

LIVEWORKSHEETS

Ang pang-ukol na ni, kay at ng ay ginagamit na pang-ugnay sa isang salitang ngalan.

Halimbawa:



ni nanay

Ipinagbubuntis ni nanay ang kanyang panganay na anak.

Ang pang-ukol na ni, kay at ng ay ginagamit na pang-ugnay sa isang salitang ngalan.

Halimbawa:



ng bata

Malakas ang tawa ng bata.

LIVEWORKSHEETS

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 1 p. 30

1. Maagang gumising si Ana. Kumain siya. Naligo din siya. Nagsepilyo at nagsuot ng magandang bestida. Kinuha niya ang kanyang dasalan at rosary. Ano kaya ang gagawin ni Ana?

A. Mamasyal si Ana.
B. Magsisimba si Ana.

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 1 p. 30

2. Kumuha ng pambungkal ng lupa si Roy. Nagbungkal siya ng lupa at itinanim na niya ang maliliit na buto. Araw-araw niyang dinidiligan ang mga ito. Isang araw, nagulat at natuwa si Roy. Ano kaya ang nangyari sa mga buto?

A. Sumibol na ang mga buto.
B. Nawala ang mga buto.

LIVEWORKSHEETS

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 1 p. 30

3. Ipinagbigay alam ng kapitan na magkakaroon ng paligsahan sa kalinisan ng barangay. Ang lahat ay nagtulong-tulong sa paglilinis at pagsa-saayos ng kapaligiran. Ano ang mangyayari sa barangay nila?

A. Magiging makalat sa kanilang lugar.
B. Mananalo ang kanilang barangay sa

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 p. 31

Panuto: Piliin ang tamang pang-ukol. Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel.

1. (Kay, Kina) Amy at Susie ang dala niyang pasalubong.

LIVEWORKSHEETS

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 p. 31

2. Sinundan ako (ni, nina) Bantay.

3. Niyakap (ng, ng mga) babae ang anak niya.

## Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 p. 31

4. Maging magalang ang bilin (ni, nina) Lolo at Lola.

5. Pinagkaguluhan (ng, ng mga) tao ang dumating na artista.

LIVEWORKSHEETS